

Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka
20

Mga sagot sa Pagtukoy ng Kayarian ng Pangungusap

Panuto: Isulat ang titik **P** sa patlang kung ang kayarian ng pangungusap ay *payak*, **T** kung ito ay *tambalan*, at **H** kung ito ay *hugnayan*.

- T** 1. Ang bagong tuta niya ay isang *pitbull* at pinangalanan niya itong Junior.
- P** 2. Magaling umarte ang mga aktor at aktres sa pelikulang napanood ko.
- T** 3. Gusto nilang magbisikleta subalit masama ang lagay ng panahon ngayon.
- P** 4. Ang tunay na kaibigan ay mapagkakatiwalaan sa panahon ng kagipitan.
- H** 5. Habang umaawit si Fiona, si Jenny ay tumutugtog ng piyano.
- H** 6. Iligpit na ninyo ang mga laruan sa sala bago dumating sina Tatay at Nanay.
- P** 7. Pag-aralan natin ang mga talambuhay ni Jose Rizal at Andres Bonifacio.
- H** 8. Pagkatapos ng napakalakas na lindol, nakita nila na halos lahat ng mga gusali ay bumagsak.
- T** 9. Mananaliksik tayo sa silid-aklatan o makikipanayam tayo sa mga dalubhasa.
- T** 10. Magaling tumugtog ng piyano si Jenny at mahusay kumanta ang ate niya.
- H** 11. Ang mahirap na gawain ay gumagaan kapag tayo ay nagtutulungan.
- P** 12. Ang kalayaan ay matatamo ng mga mamamayan na nagkakaisa.
- P** 13. Pinatunayan ni Loren na karapat-dapat siya maging pinuno ng samahan.
- T** 14. May narinig siyang malakas na dagundong kaya siya ay biglang bumangon.
- H** 15. Ipaalam mo sa amin kung may balita sa telebisyon tungkol sa halalan.
- P** 16. Ang reyna ay lumabas sa mataas na balkonahe at kumaway sa mga tao.
- P** 17. Ang pangulo at ang kanyang mga tagapayo ay nagpupulong sa Malacañang.
- H** 18. Upang lalong maunawaan ninyo ang aralin, magbibigay ako ng ilang halimbawa.
- H** 19. Simula nang naging alkalde si Ginang Tomas, marami ang pagbabago sa lungsod.
- T** 20. Nakapasa siya sa gusto niyang kolehiyo pero walang pambayad ng matrikula ang kanyang mga magulang.